PANG-AABUSO NG ASAWA

WIFE ABUSE

[Filipino (Tagalog)]

Translated by:
Vancouver & Lower Mainland
Multicultural Family Support Services Society
5000 Kingsway Plaza - Phase III
306 - 4980 Kingsway
Burnaby, B.C. V5H 4K7
November 1995

Translated from:
The Westcoast Reader
Special Supplement
March 1995

WIFE ABUSE IS A CRIME. This booklet contains information about wife abuse and what you can do. In the translation of this booklet, we have used a form of standardized Tagalog to reach an average level within this community.

ANG PANG-AABUSO NG ASAWA AY ISANG KRIMEN. Ang nilalaman nito ay tungkol sa pang-aabuso ng asawa at kung ano ang dapat mong gawin. Isinalin ito sa pangkaraniwang Tagalog upang madaling maunawaan at maintindihan.

VANCOUVER & LOWER MAINLAND
MULTICULTURAL FAMILY SUPPORT SERVICES SOCIETY
5000 Kingsway Plaza - PHASE III
#306 - 4980 Kingsway
Burnaby, B.C. V5H 4K7

Tel: (604) 436-1025 / Fax: (604) 436-3267

Ang Vancouver & Lower Mainland Multicultural Family Support Services Society ay isang organisasyong nagbibigay ng libreng tulong sa mga nangangailangan. Ang layunin ay upang makapagbigay ng maselan o karapat-dapat na tulong sa mga mandarayuhang kababaihan at ng kanilang pamilyang nakakaranas ng problemang may halong karahasan. Ang mga serbisyo ay ipinamamahagi sa mga sumusunod na wika: Hindi, Punjabi, Gujarati, Urdu, Vietnamese, Spanish, Cantonese, Mandarin, Persian (Farsi), Amharic, Tigrania, Arabic, Tagalog, Ilokano, Korean, at mga iba pang wika.

Ang layunin ng Vancouver & Lower Mainland Multicultural Family Support Services Society ay upang makapagbigay ng mga sumusunod:

1. Payo (individual counselling) at/o nagtutulungang grupo (group counselling) sa mga kababaihang biktima ng karahasan sa pamilya bago tumuloy sa, kasalukuyang nasa, o pagkatapos ng kanilang pagtira sa pangsamantalang tirahan (transition house).

2. Suporta para sa mga babaeng biktima ng karahasan sa pamilya na nangangailangang lumapit sa pambatas at panlipunang sistema.

3. Payo at/o nagtutulungang grupo para sa mga batang nakakaranas at nakakasaksi ng pang-aabuso sa tahanan.

4. Pagsasanay (volunteer training program) para umunlad ang kakayahan ng mga babae sa pagtitipun-tipon at pamamalakad upang umangat ang kanilang pagpapahalaga sa sarili.

5. Edukasyon para sa iba't ibang pamayanan tungkol sa karahasan at pang-aabuso sa pamilya upang malaman ang pamaraan para maiwasan at mahinto ito.

6. Ugnayan at kunsultasyon para sa mga propesyonal na tumutulong sa mga kababaihan.

Ang lahat na suliraning inilahad ay mananatiling lihim (confidential). Hindi maaaring ibahagi kanino man ng walang pahintulot.

A special appreciation to Sofia Cruz, Carmencita Handinero, Cecilia Tumolva, Bella Cenezero and Marina Hamoy-Tejani who helped in the translation, review and proofreading of this booklet.

Funding for the translation from the Westcoast Reader supplement was provided by the Public Legal Education Program of Legal Services Society of B.C.

Special thanks to: Joan Acosta, Editor, Westcoast Reader
Carol McEown - Legal Services Society of B.C.
Daphne Morrison - Legal Services Society of B.C.
Penny Goldsmith - Legal Services Society of B.C.

Paalala: Sa libritong ito ginagamit ang mga salitang *babae* at *lalaki*, na ang tinutukoy ay ang asawang babae at/o lalaki at ang mga sumusunod:

- **nobya**
- **nobyo**
- **dating nobya**
- **dating nobyo**
- **dating asawang babae**
- **dating asawang lalaki**
- **kinakasamang babae**
- **kinakasamang lalaki**

KUNG MINSAN ANG TAHANAN AY MAPANGANIB

Sinasakal ng lalaki ang babae. Lagi siyang sinasaktan. Sinasabi ng lalaki, "Ikaw ay tanga at tamad." Minsan ay nagbabanta ang lalaking, "Papatayin kita!"

Ang lalaking ito ay lumalabag sa batas. Maaaring tulungan ng pulis ang babae. Maaaring maaresto at/o mabilanggo ang lalaki.



These people are actors. The photo is from the TV program, *A Far Cry From Home,* courtesy CBC.

Ang pang-aabuso sa babae ay laganap. Ang naaabusong babae ay maaaring bata o matanda, mayaman o mahirap, may mataas o mababang pinag-aralan. Maaari siyang nakatira sa lungsod o nayon.

Ang pang-aabuso ng asawa sa Canada

Sa Canada maraming lalaki ang nang-aabuso ng asawa. Sa isang pananaliksik na ginawa noong kamakailan lang, 29 na porsiyento ng mga babae ay inabuso ng kanilang asawa o kasintahan.

Ang pang-aabuso ng asawa ay labag sa batas

Ang pang-aabuso ay laging mali at ito ay labag sa batas ng Canada.

Ang pulis, pamahalaan at ang mga grupong pangkomunidad ay gumagawa ng paraan upang tulungan ang mga inaabusong babae.

Tandaan:

- **Maraming babae ang naabuso.**
- **Ang pang-aabuso ay hindi tama.**
- **Ang pang-aabuso ay tumitindi o lumalala.**
- **Ang pang-aabuso sa asawa ay labag sa batas ng Canada.**
- **Maaari kang humingi ng tulong sa mga taong nakakaunawa.**

IBA'T IBANG URI NG PANG-AABUSO

ABUSONG PISIKAL

Inaabuso ka ng lalaki kapag ikaw ay:

- sinusuntok



- sinasampal

- sinasabunutan



- sinisipa



- binabalian ng bisig, daliri at/o iba pang bahagi ng katawan

ABUSONG EKONOMIKA

Inaabuso ka ng lalaki kapag ikaw ay:

- hinahadlangang gumastos ng mga pangangailangan sa pamamahay ng walang pahintulot

- kinukuhanan ng buong sahod o pera

- pinagbabawalang magtrabaho o kumita

ABUSONG SIKOLOHIKAL (Pangkaisipan)

Inaabuso ka ng lalaki kapag ikaw ay:

- tinatakot
  Halimbawa:
  "Kukunin ko ang mga bata."
  "Pauuwiin kita sa Pilipinas."

- sinisira ang iyong mga gamit

- minumura

- pinagbibintangang nakikipagtalik sa iba

- hindi pinapayagang lumabas na mag-isa at/o makipagkita sa kamag-anak at/o mga kaibigan

ABUSONG SEKSWAL (Panggagahasa)

Inaabuso ka ng lalaki kapag ikaw ay:

- pinipilit makipagtalik sa kanya
- pinapagawa ng mga sekswal na bagay na labag sa iyong kalooban



ANG ABUSONG PISIKAL AY PAULIT-ULIT NA NANGYAYARI (MAY SIKLO)

Ang abusong pisikal ay madalas mayroong siklo. Ang siklo na ito ay may tatlong bahagi.

1: Mainit ang ulo ng lalaki

Galit ang lalaki. Sinisigawan niya ang babae. Ang babae nama'y nagtitiis upang hindi siya saktan ng lalaki. Ang unang bahagi ay maaaring manatili ng ilang araw, ilang linggo o ilang buwan.

2: Ginugulpi ng lalaki ang babae

Matindi ang galit ng lalaki. Sinsasaktan at/o binabato niya ang babae.

Malungkot at natatakot ang babae. Iniisip niya, "Walang makakatulong sa akin." Nahihiya siya at/o hindi niya alam kung kanino niya sasabihin ang nangyayari.



3: Humihingi ng paumanhin ang lalaki

Nagsisisi ang lalaki. Maaari niyang sabihin sa babae, "Mahal kita. Hindi na kita sasaktang muli." Maaaring patawarin ng babae ang lalaki. Parang *pulot-gata* (honeymoon) ang pangatlong bahagi.

ANG ABUSO AY NAGIGING MALALA.
Aabusuhin ng lalaki ang babae ng paulit-ulit.
Ang abuso ay lalong lalala.

Bakit hindi umaalis ang babae?

May mga inaabusong babae na umaalis. Mayroon namang hindi. Ang iba ay pabalik-balik sa kanilang mga asawa. Bakit hindi maiwanan ng mga babae ang kanilang mga asawa? Ito ang kanilang mga sinasabi:

Photo courtesy *The Province*

Labag sa batas ang manuntok ng asawa.

Ano ang mga batas sa Canada?

May iba't ibang uri ng pang-aabuso sa babae na labag sa batas ng Canada. Halimbawa, labag sa batas kapag ang lalaki ay:

- sinaktan o sinasaktan ang babae
- nagbabantang saktan o patayin ang babae
- pinipilit ang babaeng makipagtalik sa kanya
- sinusundan, tinatawagan sa telepono at/o iniistorbo ang babae upang takutin

Ano ang magagawa ng pulis?

Ang mapang-abusong lalaki ay maaaring arestuhin at dalhin sa hukuman. Ang babae ay maaaring tumestigo sa hukuman at sabihin sa huwes ang sinabi at ginawa ng lalaki sa kanya.

Maaaring hatulan ng huwes ang lalaki na lumayo sa babae, multahan, o ipabilanggo.

Ang Lalaking Abusero ay Ibig Makontrol ang Kanyang Asawa

Ibig hawakan sa liig ng lalaking abusado ang babae. Sa palagay niya ay siya ang makapangyarihan sa lahat. Papaano niya gagampanan ito? Minamanmanan niya ang:

- lahat ng kilos at galaw ng babae
- lahat ng kahalubilo ng babae
- lahat ng pinupuntahan ng babae
- bawat pananamit at lahat ng gamit ng babae

Mababa ang tingin ng abusadong lalaki sa babae. Gaya ng:

- Ang lalaki ay bumabarkada ngunit ipinagbabawal niya ito sa babae.
- Ang layaw ng lalaki ay nasusunod subalit ang babae ay pinapanatiling nagtitiis.

TULONG UKOL SA MGA LALAKI

Kailangang maunawaan ng lalaki kung bakit siya ay nananakit. Kailangan niyang matuto ng ibang pamamaraan na hindi kailangang gumamit ng dahas.

Ang pamahalaan ng B.C. ay may mga *Mental Health Centers* (Sentro ng Kalusugang Pangkaisipan). Ang lalaki ay maaaring kumunsulta sa mga tagapayo dito. Ito'y walang bayad.

Kung kailangan ng tulong, tumawag sa pinakamalapit na Sentro ng Kalusugang Pangkaisipan. Tingnan sa *Blue Pages* ng directoryo ng telepono. Hanapin ang seksyong *Government* of B.C. at tingnan sa ilalim ng *Health-Ministry* of, *Mental Health Centres.*



Photo courtesy *Welcome News*

Kailangan ko ng tulong. Ano ang magagawa ko?

Tumawag sa *Crisis Center*

Maaari kang tumawag sa isang *crisis center.* Hanapin ang numero ng sentro sa *White Pages* ng directoryo ng telepono. Ang mga taong sasagot sa iyo doon ay sisikaping makatulong sa iyo. Tumawag ng kahit anumang oras.

Maaari ka ring tumawag sa *Victim's Information Line* (linya ng mga biktima) 1-800-563-0808.

Tumawag sa pulis

Maaari kang tumawag sa pulis kung ikaw ay inabuso ng iyong asawa. Siya ay maaaring arestuhin. Ang pulis ay makakatulong din sa iyong pag-alis ng bahay.

Kapag may emerhensiya

Sa kadalasang lugal ng B.C., ang pulis ay natatawagan sa telepono sa bilang 911. Kung walang ganoon sa iyong lugal, hanapin sa unang pahina ng directoryo ng telepono ang numero ng pulis. Maaari ding tumawag sa "0" kung emerhensiya.

Umalis ng bahay

Maaari kang umalis ng bahay kung ikaw ay inaabuso ng iyong asawa. Dalhin ang iyong (mga) anak.

Tumawag sa *transition house* (pansamantalang tirahan) o pulis. Tutulungan ka nila sa paghanap ng puede mong tigilan.



Dalhin ang:

- pasaporte
- susi
- gamot
- librito sa bangko
- pera
- mahalagang dokumento

Tumuloy sa *transition house*

May mga pansamantalang tirahan o *transition houses* sa iba't ibang lugal ng B.C. Ito'y walang bayad at ligtas sa panganib. Tumawag kahit anong oras. Tumawag sa *crisis centre* at itanong ang numero ng pinakamalapit na *transition house.*

Ikaw at ang iyong mga anak ay maaaring tumigil sa *transition house* ng tatlumpung (30) araw. Bibigyan kayo ng pagkain at damit. Maaaring kumunsulta sa isang kawang-gawa tungkol sa tirahan, pera at suliraning legal. Kung nahihirapan kang magsalita ng Inglis, maaari kang humingi ng tagasalin.

Magpatingin sa manggagamot

Kung ikaw ay sinaktan ng iyong asawa, pumunta sa manggagamot o sa ospistal. Sabihin sa manggagamot kung ano ang nangyari. Ito ay isusulat niya. Ang *Doctor's Report* ay maglalahad na ikaw ay sinaktan ng iyong asawa. Ito ay kakailanganin sa hukuman.

Kumunsulta sa isang tagapagtanggol

Maaari kang kumunsulta sa isang manananggol kung ikaw ay inaabuso ng iyong asawa. Sasabihin niya sa iyo ang iyong mga karapatan.

Hanapin ang numero sa *White pages* ng directoryo ng telepono sa ilalim ng pamagat *Legal Aid - Legal Services.* Ito'y maaaring libre.

TULONG PARA SA MGA BATA

Karamihan ng mga bata ay nasasaksihan o naririnig nila ang pang-aabuso ng kanilang ama sa kanilang ina.

Ano ang nangyayari kapag nakikita ng mga bata ang abuso sa tahanan?

- Maaari silang mag-isip na, "Nagugulpi ni itay si inay dahil ako'y hindi mabait."
- Ang mga batang lalaki ay matututo na tama ang manggulpi. Paglaki nila, maaaring gulpihin din nila ang kanilang asawa at anak.
- Ang mga batang babae ay matututo na tama lamang na sila ay gulpihin.

Ang mga bata ay maaaring tumawag ng tulong o maaaring tulungan ng pagtawag:

- 310-1234/
- 1-800-663-9122

Maaaring tumawag ng kahit anumang oras. Ang iyong tawag ay *confidential.* Ibig sabihin nito ay walang makakaalam na ikaw ay tumawag.

TULONG SA MGA MANDARAYUHANG BABAE (IMMIGRANT WOMEN)

Maraming tanong ang mga babaeng mandarayuhan tungkol sa kanilang karapatan sa Canada. Maaaring mangailangan sila ng tagapagtanggol.

Maaari silang tumawag sa *transition house* o sa *immigrant aid agency.* Maaari din silang tumawag sa tagapagtanggol (pahina 7).

Ang mga mandarayuhang babae ay maraming ina-alala.

This special issue of *The Westcoast Reader* is funded by the Legal Services Society of B.C.

***The Westcoast Reader* is for adults who are improving their English reading skills. For ordering information, contact:**

The Westcoast Reader
Capilano College
2055 Purcell Way
North Vancouver, B.C. V7J 3H5
Tel: 604 681 4199

Editor : Joan Acosta

Material in *The Westcoast Reader* is copyrighted.

ISBN0822-7225

Drawings in this issue by Nola Johnston. Special thanks to Penny Goldsmith, Legal Services Society of B.C., and Shashi Assanand, Vancouver and Lower Mainland Multicultural Family Support Services, for their help.